# Ang Nawawalang Hagdan

**Chuckberry J. Pascual**

PARANG MAY NAGSINDI ng isang libong bombilya sa loob ng parlor. Napapitlag si Bree, biglang sinalakay ng mga alaala ng paninirahan sa bahay ng kaniyang Tiya Chitang. Madaling araw noon nang mawalan ng koryente, at ginising siya ng tiyahin para hanapin ang rechargeable lamp sa kusina. Takot sa pagkabulag ang gumising kay Bree, higit sa anupaman, dahil idiniin ng kaniyang Tiya Chitang ang nagliliwanag na nguso ng flashlight sa kaniyang mga talukap. Pumiglas siya palayo. Nganinganing magmura si Bree noon, pero hanggang sa sandali ng pagkagulat, nakipil na ng marahas na disiplina ni Tiya Chitang ang kaniyang dila. Wala siyang kakibo-kibo nang tumayo mula sa papag.

Pero matagal na siyang nakalayas sa bahay ng tiyahin, at kagyat napayapa si Bree nang makita ang nahihimbing na si Mamita pagbukas ng mga mata. Kapwa sila nakahiga sa banig na nakalatag sa gitna ng parlor. Namatay na ang isang libong bumbilya, at ilaw na lamang ng mga poste sa labas ang sumisinag sa mukha ng may-ari ng Mamita's Magixalon. May bahagyang kinang ang mga pisngi at noo nito, dulot ng moisturizer na ipinapahid nito sa mukha bago matulog gabi-gabi. Tila hindi nito napansin ang pagsabog ng liwanag kani-kanina lang. Napaisip si Bree kung napanaginipan lang ba niya ang liwanag. Dahan-dahan, inalis niya ang kumot sa kaniyang mga binti.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 137 11/7/2017 3:38:50 PM

"Noong isang araw pa iyan," sabi ni Mamita.

Hindi lang pala siya ang naliwanagan. "Nakita mo rin pala, Mamita?"

"Paano kong makikita, nakapikit ako?"

"Bakit hindi ko nakita noong unang beses?"

"Engga ka kasi no'n, gaga," sagot ni Mamita.

Noong nakaraang Biyernes sila nag-inuman nina Benjie, dahil tumama ang manikurista sa ending. Tulog mantika nga siya kapag nakainom. Tumayo siya mula sa banig. "Baka kung ano na ang nangyari."

"Wala lang yan," sabi ni Mamita. Nakapikit pa rin ito, at hindi tumitinag sa banig.

Sumilip si Bree sa bintana. May mangilan-ngilan silang kapitbahay na nasa kalsada. May mga pupungas-pungas, may ilan ding nakabuo na ng munting pulo, pihadong nagpapalitan na ng mga kuwento. Kabilang doon sina Aling Espie, may-ari ng sari-saring malapit sa Magixalon, at si Agila, ang tambay na kilala sa buong Barangay Talong Punay dahil sa tattoo ng haring ibon sa kaniyang likod. Nagdesisyon si Bree na lumabas na rin, at makisali sa umpukan.

"Nasinghalan ko nga ang bunso ko! Akala ko, siya ang nagbukas ng ilaw," sabi ni Aling Espie.

"Ako naman, noong naalimpungatan, naisip ko agad, sunog!" kuwento ni Agila. "Dumiretso agad ako sa kusina at banyo, pinagbubuksan ko lahat ng gripo sa bahay. Mahirap na, e."

"Pero ano ho ba talaga ang nangyari?" tanong ni Bree. Sumingit siya sa pagitan nina Aling Espie at Agila.

"Aba'y ewan," sagot ng tindera. "Ang bilis, e."

"Iyon na nga, pagdilat ko, wala na," sabi ni Bree. "Ilang beses na ba 'tong nangyari?"

"Probably, second time na," sagot ng isang lalaking kasama sa umpukan. "Noong una, akala ko, kumidlat lang, e."

Hindi alam ni Bree ang pangalan nito, pero kilala niya sa mukha. Dumaraan ito sa tapat ng parlor tuwing umaga, laging nagmamadali, at may dalang pangginaw kahit napakainit naman ng panahon. Noon lang napansin ni Bree na makapal pala ang kilay ng lalaki. Kung hindi lang ito masyadong maputi, baka natipuhan niya ito. O baka puwede na, lalo na at hindi naman pala ito suplado. Nilunok niya ang muntik nang mamuong kilig. "A gano'n ba? Pero, ano, bakit, ano—"

"May bumabang anghel. Magsisi na kayong lahat sa mga kasalanan n'yo, malapit nang dumating ang paghuhukom."

Napalingon silang lahat kay Mang Nardo, ang traysikel driver na bana ni Aling Espie. Sumingit pala ito sa tabi ng asawa. Pabulong ang binitiwan nitong mga salita, pero tila sinigawan na rin silang lahat, dahil walang nakapagsalita.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 138 11/7/2017 3:38:50 PM

Ano nga ba ang matinong paliwanag sa bigla-biglang pagsabog ng liwanag sa iba't ibang bahay?

"Lasing ka na naman. Umuwi na nga tayo," bulalas ni Aling Espie. Hinawakan niya sa braso ang bana, saka hinilang parang bata. Hinawi ni Mang Nardo ang kamay ng tindera.

"Hindi, hindi. Este, tama, nakainom ako. Pero hindi ako lasing. Nakita ko, e. Hindi naman malabo ang mata ko."

"Sige nga, saan?" tanong ni Aling Espie.

Inginuso ng lalaki ang dulo ng kalye Andal. "Dun."

"Iyon hong malapit sa botika?" tanong ni Bree.

"Natumbok mo, pare."

Napangiwi si Bree sa sagot ni Mang Nardo. Narinig niya ang mahinang bula ng tawa mula sa katabi niyang lalaki. Gusto niya tuloy pitikin sa ilong ang matandang lasing.

"Nakainom ka lang, pare," sabi ni Agila.

"Hindi nga ako lashing!" bulyaw ni Mang Nardo. "Bahala kayo kung gusto n'yong mapunta lahat sa impiyerno!"

Nandilat si Aling Espie, saka hinampas ang braso ng bana. "Magtigil ka nga! Nakakahiya ka! Halika na!" Hinawakan niya ulit ang braso ng bana, saka hinila. Mas malakas na ngayon ang kapit niya, kaya hindi makawala si Mang Nardo kahit anong piglas ang gawin.

"Pasensiya na kayo," sabi ng tindera habang naglalakad palayo. "Mauna na kami."

"O siya," sabi ni Agila, iiling-iling. Naglakad na rin ito palayo.

Luminga-linga si Bree. Pumasok na sa kani-kaniyang bahay ang karamihan. May ilang nagkukuwentuhan pa rin, pero mukhang napunta na sa iba ang usapan, dahil nagtatawanan na. May mga kabataang abala sa pagse-selfie. Umalis na rin ang iba pa nilang kasama sa umpukan. Silang dalawa na lang ng lalaki ang naiwan sa kanilang umpukan.

"Uh, mauuna na rin ako," sabi ni Bree, nakatungo. Naglakad na siya palayo bago pa makasagot ang lalaki.

Patay pa rin ang mga ilaw sa loob ng parlor pagbalik ni Bree. Nakahiga pa rin si Mamita sa banig, pero gising na, at nagkakalikot ng cellphone. "O ano, wala lang, di ba?" tanong nito, nakatutok pa rin ang atensiyon sa cellphone.

"Sabi ni Mang Nardo, anghel daw," sagot ni Bree habang isinasara ang pinto. Pinihit din niya ang dead bolt lock. Wala naman itong magagawa kung sakaling magliwanag man ulit, pero gusto lang niyang makampante kahit paano na ligtas silang dalawa sa loob ng parlor. "Anghel? Kamo, halogen 'yon. Kapag hindi siya



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 139 11/7/2017 3:38:50 PM

nag-ingat, isa sa mga araw na ito, mahahagip na talaga ng sasakyan 'yan," sagot ni Mamita. "Kung hindi ba naman laging susuray-suray."

Hindi na itinanong ni Bree kung paanong nalaman ni Mamita na lasing nga si Mang Nardo. Halos wala namang naililihim ang mga residente ng Talong Punay sa isa't isa. Lagi at laging may sumisingaw, kahit anong pagtatakip ang gawin. Sa kaso ng asawa ni Aling Espie, hindi naman lihim sa buong barangay na sunog-baga talaga ito.

Humiga na ulit sa banig si Bree. Pero nahirapan siyang bumalik sa pagtulog dahil sinusurot ng mga tanong: Anghel? Katapusan ng mundo? Bakit parang walang pakialam si Mamita, at ang iba pa sa mga nangyari? Ganoon na lang ba, mag-uumpukan sila, pagkuwa'y mag-uuwian? Pangalawang beses na ito. Bakit hindi man lang yata ito nabanggit sa mga kuwentuhan sa barangay hall?

***

Bilang receptionist, si Bree ang pinakamaagang dumarating sa barangay hall. Kaya nagulat siya kinaumagahan, dahil may nauna sa kaniya. Sarado pa ang barangay hall, pero nakaabang na sa pintuan si Aling Vivian, ang may-ari ng Vivicoe Internetz, isa sa mga Internet cafe sa Talong Punay. Kasama niya ang isang patpating lalaki na nakasuot ng itim na sunglasses, at hanggang balikat ang buhok. Mukhang naiinip na ito sa paghihintay, dahil nakaupo na sa bangketa at nagkakamot-kamot ng binti.

Alam ni Bree ang pangalan ng binata—Kevin—pero mas kilala niya ito bilang Keanna. Minsan na nga silang natukso na kambal, dahil kapwa payat, mahaba ang buhok, at kung paniniwalaan ang mga baklang humirit, mahinhin pero nasa loob ang kulo. Tumatambay kung minsan si Kevin sa Mamita's Magixalon, kasama ng ibang kabarkadang bakla. Dahil sa mga pagtambay-tambay na iyon, nalaman ni Bree na dalawang beses na itong sumali sa Binibing Gay Talong Punay. Thank you girl noong una, semi-finalist noong ikalawa. Mukhang wala na itong tsansang manalo o umangat dahil nagkaroon ng eksena noong huling sali: hindi na siya nakasampa para sa "getting to know you" Q and A ng semi-finalists. Ang nakarating na kuwento kay Bree, sumugod daw si Aling Vivian sa backstage, pinaggugupit ang evening gown ng anak, saka ito kinaladkad pauwi.

"Magandang umaga po, Aling Vivian," bati ni Bree habang binubuksan ang kandado ng pinto ng barangay hall. Tiningnan niya si Kevin, pero abala pa rin ito sa pagkakamot ng binti.

"Si Kapitan?" tanong ni Aling Vivian, parang naniningil ng utang.

Napansin din ni Bree na masama ang tingin ng babae sa kanyang buhok. Hindi niya mawari kung gusto ba siyang sabunutan o ano. Binigyan niya ito ng mukha ng



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 140 11/7/2017 3:38:50 PM

nakatikim ng napakaasim na manggang hilaw at ng boses ng taong may bisaklat na dila. “Mamaya pa ho siya darating. Pasok ho kayo.”

Pumalatak lang ang may-ari ng Internet cafe, saka sinutsutan ang anak na nakaupo pa rin sa bangketa. Lulugo-lugong tumayo si Kevin, pinagpag ang puwitan, inayos ang pagkakaupo ng salamin sa ilong, inipit ang buhok sa magkabilang tainga, saka nakatungong sumunod sa inang pumasok sa barangay hall. Hindi mahagip ni Bree ang mga mata nito dahil sa dilim ng suot na sunglasses. Umupo ang dalawa sa bangko na nasa tapat ng mesa ng mga kagawad. Doon karaniwang naghihintay ang mga dumudulog kay Kapitan, at ang mga naniningil ng utang sa mga kawani ng barangay.

Binuksan muna ni Bree ang mga ilaw at bentilador, saka tumungo sa sariling mesa sa bukana ng barangay hall. Kinuha niya ang logbook sa tokador, inilapag ito sa ibabaw ng mesa, saka binuklat sa pahinang hindi pa nasusulatan. Wala ang ballpen na lagi niyang iniipit dito. Sino na naman kaya ang kumuha? Kinuha niya ang ballpen na laging nasa shoulder bag.

“Sige po, Aling Vivian. Ano po ang maitutulong namin sa inyo?” tanong niya, habang nakaumang ang ballpen sa pahina ng logbook.

“Nawawala ang hagdan ko sa bahay,” simula ni Aling Vivian.

“Kailan po ho ninyo nalaman?”

“Kanina lang. Inuutusan ko kasi ito,” inginuso ng babae si Kevin, “na maglinis ng alulod. Pero ayon na nga, nawawala pala. ”

“Ma, ang sabi ko naman sa iyo, kilala ko ang kumuha,” sabad ni Kevin.

Tatanungin sana ni Bree kung sino ang sinasabi ni Kevin, pero natulig siya sa biglang pagtinis ng boses ni Aling Vivian.

“Manahimik ka!”

“Pero, Ma—”

“Aling Vivian, pakinggan lang ho natin—”

“Nawawala ang hagdan ko! Iyon ang dapat mong marinig! Ewan ko ba naman sa inyo kung bakit nangyayari pa rin ang mga ganitong nakawan dito sa barangay. Hindi ba’t lagi namang may mga tanod—”

“Vivi! Napadalaw ka!”

Dumating na pala si Kagawad Wan. Kapitbahay ito ni Aling Vivian. Tinapunan ng kagawad ng tingin si Bree, senyal na ito na ang makikipag-usap.

Pinanood ni Bree na akbayan ni Kagawad Wan si Aling Vivian, habang inaanyayahan itong lumipat sa conference room. Rumerepeke pa rin ang bunganga ng babae. Panay lang ang pagtango ng kagawad, tila interesadong-interesado sa kuwento ng pagkawala ng hagdan. Nang dumapo ang mga mata ni Bree kay Kevin na



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 141 11/7/2017 3:38:50 PM

naiwan sa bangko, hinubad na ng binata ang sunglasses. Namumula ang mga mata nito. Hindi bumukas ang mga labi ni Kevin, pero nakaguhit sa mukha ang paghingi ng paumanhin kay Bree.

Tumango na lang si Bree, at tinikom ang mga labi. Hindi na siya nagdududa sa katotohanan ng kuwento tungkol sa ikalawang pagsali ni Keanna sa Binibining Gay Talong Punay. Itinuon niya ang atensiyon sa logbook. Sa tabi ng oras na 8:00, inilagay niya ang pangalan at sadya ng unang bisita ng barangay: Aling Impakta, nawawalang hagdan.

***

Kalahating oras ang lumipas bago umalis ng barangay hall sina Aling Vivian at Kevin. Wala namang dingding ang conference room—ito lang ang tawag nila sa pinakamalaking mesa sa barangay hall—kaya narinig niya ang buong salaysay ng pagkawala ng hagdan: iyong sinabi na rin sa kaniya kanina ni Aling Vivian, pero inulit-ulit lang, at dinagdagan ng paninisi kay Kapitan, sa mga barangay tanod, sa mga kagawad, ng mga detalye tungkol sa ritwal ng paglilinis ng alulod, at kung gaano kahalaga ang malinis na alulod tuwing panahon ng tag-ulan. Panay naman "Yes, Vivi," "Pasensiya na, Vivi" si Kagawad Wan. Hindi nakasingit kahit minsan si Kevin sa pagitan ng pagtatalak ng kaniyang ina at robotikong pagtugon ng kagawad. Ilang beses ding nagtangka si Bree na hulihin ulit ang tingin nito, pero isinuot na ulit ni Kevin ang itim na sunglasses, at tila napagkit na ang direksiyon ng mukha sa sahig. Nahirapan si Bree na itali ang gawing ito ni Kevin sa asta ni Keanna sa iilang pagkakataon na nakita niya itong nakikipagkuwentuhan sa mga kaibigang bakla sa Magixalon. Masayahin kasi si Keanna, umaapaw sa halakhak ang lalamunan, at maaaliwalas ang bukas ng mukha. Sa itsura nito ngayon, parang kinukurot ang puso ni Bree dahil nakikita niya ang batang bersiyon ng sarili, lalo na noong nakatira pa siya sa kaniyang Tiya Chitang. Parang kriminal na nasakote ng pulis, ang siste nga lang, misteryo kung ano ang kasalanang nagawa.

"Ser, ano hong gagawin natin sa hagdan ni Aling Vivian?" tanong ni Bree. Nilapitan niya si Kagawad Wan, pagkatapos nitong ihatid palabas ng barangay hall ang mag-ina.

Naglabas ng pitaka si Kagawad Wan. "Ibili mo nga ako ng softdrink sa labas. Nauhaw ako do'n, a."

"Paano ho—"

"Marami namang pera 'yon," sagot ni Kagawad Wan.

"Pero, ser—"

"Bilisan mo, uhaw na ako."



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 142 11/7/2017 3:38:50 PM

***

Wala nang inaasahan si Bree kay Kagawad Wan, o kahit pa sinuman sa barangay. Ilang beses nang nagpakilala ang mga ito sa kaniya, sa tuwing mayroong dumudulog sa barangay: hangga't may makapagdadahilan, magdadahilan ang mga kawani ng barangay para hindi gawin ang trabaho. Kahit nang magtanong siya tungkol sa pagsabog ng liwanag noong nakalipas na madaling araw, wala siyang nakuhang sustansiya sa mga sagot.

"Bulalakaw lang 'yon," sabi ni Kagawad Wan.

"Kung bulalakaw ho 'yon, nasa langit. Wala sa loob ng mga bahay," katwiran ni Bree.

"Baka santelmo!" sabad ni Kagawad Tu. Lagi itong handang patunayang mas magaling siya kaysa Kagawad Wan. "Super santelmo! Ipinapaalala sa ating lahat na kailangang makamit ang hustisya."

Ang tunay na hustisya e kung masisibak ka sa trabaho, gusto sanang sabihin ni Bree. Pero kinagat na lang niya ang dila.

Noong malapit nang mag-alas singko, dumating si Kapitan. Ito mismo ang nagbanggit sa liwanag noong madaling araw, at ang napakahusay nitong opinyon: "Bombilya lang iyon na nalaglag sa poste."

Gustong itanong ni Bree kung anong klaseng bombilya kaya iyon na buong barangay ang sinabugan ng liwanag noong bumagsak? At kung bumagsak ito, hindi ba dapat, dumilim kaysa lumiwanag? Pero dahil si Kapitan ang nagsalita, wala nang kumontra. Tumango na lang ang karamihan—pinakamaraming tango si Kagawad Wan, siyempre pa—at nagkunwaring walang narinig si Bree.

Naiinis si Bree sa sarili dahil hindi pa rin masanay sa ugali ng mga kasama, at para siyang sinisilaban kapag naiisip na tinatanggap lang ito ng mga tao. Tila sapat na sa kanila na pumunta sa barangay hall, magtatarang doon, kung hindi man mag-iiyak tungkol sa pagiging iresponsable ng lahat, mula kay Kapitan hanggang sa kanya mismong naturingang hilaw na receptionist, at pagkuwa'y uuwi na, at maghahanap ng sariling solusyon sa idinulog na problema. Kasalanan rin nila kung bakit hindi nauubos ang mga dapat ireklamo, kung bakit hindi pa rin natatagpuan ang lahat ng nawawala.

"Feeling mo kasi, beauty queen ka. Masyado kang nagmamaganda," sabi sa kanya minsan ni Mamita. Nabanggit niya dito ang mga hinaing tungkol sa pagpapatakbo ng Barangay Talong Punay. "Kung minsan, ang mga bagay, hindi naman kailangang baguhin. Tinatanggap na lang dapat. Hindi naman magugunaw ang mundo."

"Pero paano kung puwede naman palang baguhin, kaysa tanggapin?" tanong ni Bree.

"E di baguhin mo."

"Akala ko ba, ang sabi mo, tanggapin na lang?"

Nagtaas ng kaliwang kilay si Mamita. "Yung ibang bagay, kako. Halimbawa, tingnan mo 'yang mukha mo, mababago mo pa ba 'yan?"

Natawa na lang noon si Bree sa tugon ng may-ari ng Mamita's Magixalon. Alam naman niyang hindi talaga ito duwag o palasuko. Nagsasalita rin ito at kumikilos kapag may gustong mangyari. Kaya nga napalago nito ang negosyo: mula sa pagbababahay-bahay para manggupit at mag-mani-pedi, nakapagtayo ito ng sariling parlor, nagkaroon ng mga tauhan. Pero umedad na rin si Mamita, at nagbago na rin ang ugali. Mas malambot na ang tungki ng ilong nito. Bihira na itong manermon. Kahit noong isang beses na may humiyaw na kostumer dahil laman na pala ang ginugupit ng nipper ni Benjie, suminghal lang ito, humingi ng paumanhin sa kostumer, at pagkuwa'y bumalik na sa paglalaro ng Candy Crush. Hinayaan na rin siya ni Mamita sa pagtatrabaho bilang hilaw na receptionist sa barangay. Alam nitong utusan ng buong barangay hall si Bree, at hindi hamak na mas mabuti ang pagtrato sa kaniya bilang tagahaliling manikurista at tagawalis ng buhok, tinanggap na lang nito ang kaniyang desisyon. Nag-aabot si Bree ng kaunti, dahil nakikitira siya sa Magixalon, pero hindi naman talaga siya inoobliga ni Mamita. At kahit kailan, hindi nito ipinaramdam sa kaniya na sampid lang siya. Kaylayo sa pagturing sa kaniya ng kaniyang Tiya Chitang, kahit ito pa man din ang naturingan niyang kadugo.

Kaya ganoon na lang din ang simpatiya ni Bree para kay Kevin. Kung ibabatay sa nakita niya sa barangay hall, napakahirap ng buhay nito kasama si Aling Vivian. Ang hiling niya, makalaya rin ito, at makatagpo ng kaibigan—ng pamilya—tulad ng natagpuan niya kay Mamita at sa mga kaibigang bakla. Kung hindi man iyon, makapagsalita man lang sana. Bakit pa isinama si Kevin sa barangay hall, kung wala naman pala talagang sasabihin?

***

Maingay sa loob ng Vivicoe Internetz Cafe. Nagsasalimbayan ang mga boses ng kabataang lalaki. Nakakumpol ang mga kabataan sa harapan ng mga computer. Mayroong mga nakaupo, may suot na headset, at tutok na tutok sa monitor. May mga amuyong na nakapaligid sa bawat isa, at sa kanila nagmumula ang pinakamalakas na ingay: kung hindi nagkukuwentuhan, nagpapayabangan, nagbabantaan, o lantarang nagmumurahan. May namataang aircon sa isang sulok si Bree, at may ilang nakatindig na electric fan sa pagitan ng mga hilera ng computer, pero tila singlakas lang ng hangin mula sa hikab ng inaantok na lasenggo ang nagmumula sa mga ito. Ilang sandali lang ang lumipas, naninikit na ang buhok niya sa batok dahil sa pawis.

Pumunta si Bree sa mesa na may printer, at malapit sa pintuan. May nakaupo



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 144 11/7/2017 3:38:50 PM

doong isang morenong batang lalaki na nakasuot ng patagilid na baseball cap. Mukhang abala ito sa paglalaro ng computer, pero alerto sa pagsigaw kapag may naririnig na nagmumura. Sumigaw muna ang batang lalaki ng "Hoy! Tangina, sinabi nang bawal magmura dito, gago! Papalayasin ko na kayo!" bago humarap kay Bree at nagtaas ng dalawang kilay. "Ano 'yon?"

"Nandito ba si Kevin?" tanong niya.

Tiningnan muna siya ng batang lalaki mula ulo hanggang paa, bago inginuso ang pinakadulong hilera ng mga computer, at ibinaling ulit ang atensiyon sa kaharap na monitor.

May tatlong hilera pa ng mga cubicle at computer bago ang huli, at pulos bumbunan at batok ng mga kabataang lalaki ang natatanaw ni Bree, kaya nagtanong siya, "Saan doon?"

"Kevin! May naghahanap sa iyo!" Umalingawngaw ang boses ng bata sa buong Internet cafe, pero nakatutok pa rin ito sa monitor. Dire-diretso pa rin sa pagsasalita ang mga kabataang lalaking naglalaro at nagmimiron. Wala ni isang lumingon, kahit sumigaw na ang batang lalaki.

Naglakad si Bree papunta sa direksiyong itinuro ng bata. May mangilan-ngilang binatilyo na sinisipat siya, lalo na kapag napapansin ang buhok niyang tuwid na tuwid at hanggang balikat. Hindi naman nagsinungaling ang nguso ng batang lalaki: naroon nga sa pinakahuling hilera, iyong katabi na ng pader, nakaupo si Kevin. May dalawang kabataang lalaking nakatayo sa gilid nito, nakikinood sa laro. Nakilala ni Bree ang anak ni Aling Vivian kahit nakatalikod dahil sa buhok nitong hanggang balikat. Silang dalawa lang ang may ganoong kahabang buhok sa loob ng Vivicoe Internetz Cafe. Mukhang hindi nga lang masyadong naaalagaan ng suklay ang buhok ni Kevin.

Kinalabit niya si Kevin. "Huy."

Walang tugon, kahit angat man lang ng balikat. Kinalabit niya ang isa sa mga binatilyong miron, saka itinuro si Kevin. Tiningnan lang siya nang mabilis ng binatilyo, at saka nagkibit ng balikat. Nanood na ulit ito ng laro. Tiningnan ni Bree ang monitor: may naglalakarang maliliit na tao, parang mga langgam na binubulabog. Hindi niya malaman kung alin ba sa maliliit na taong iyon ang pinapagalaw ni Kevin, basta dura lang nang dura ng asul na ilaw ang mga baril nila. Hindi niya maintindihan kung paanong napapako ang atensiyon ng mga kabataang ito sa ganoong palabas. Ganito rin sina Mamita at ang ibang mga bakla kapag nanonood ng mga beauty contest, pero naiintindihan niya iyon, dahil parang mga sarili din nila ang pinapanood. "Ako 'yang si Venezuela! Tingnan mo kung paano humampas ang balakang! Akong-ako 'yan!" Taon-taon kung angkinin niya ang pagiging Miss Venezuela, kahit sa totoo



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 145 11/7/2017 3:38:50 PM

lang, walang hawig si Mamita kahit sa hinlalaki ng sinuman sa mga kandidata. (Hindi siya mahilig sa mga beauty contest, at ipinagtataka ito ng mga kaibigan niyang bakla. Hindi rin alam ni Bree kung bakit.)

Naisip ni Bree na hindi niya makukuha ang atensiyon ni Kevin kung hindi siya eeksena. Kaya pagkatapos ng pangatlong kalabit, at hindi pa rin tumitinag si Kevin, naglakas-loob siyang tanggalin ang suot nitong headset. “Hoy, Keanna. Ano ba?” Wala naman talaga siyang balak na tawagin itong Keanna sa harapan ng iba, pero napapahiya na rin siya dahil sa pang-iisnab.

“Ano ba ’yon?” asik ni Kevin, habang hinihila ang kurdon ng headset na sumabit sa kanyang balikat. Nakasuot pa rin ito ng itim na sunglasses.

“May itatanong lang ako sa iyo,” sagot ni Bree. Nagtaas na rin siya ng kilay. Nakatingin na sa kanilang dalawa ang mga binatilyong miron.

“Ano nga?”

“Sa labas tayo. Maingay dito.”

***

“Gusto mo ng yosi?” tanong ni Kevin. Naglabas ito ng lighter at isang kaha ng sigarilyo. Tumanggi si Bree. Gastos lang ang tingin niya sa sigarilyo. Nasa bangketa na sila at nagulat siya sa pag-iiba ng asta ng anak ni Aling Vivian paglabas nila ng Vivicoe Internetz Cafe. Nakita ulit ni Bree si Keanna, ang baklang tumatambay sa Magixalon. Mukha itong may kumpiyansa sa sarili, at hindi na masyadong mainit ang ulo.

“Ano ang kailangan mo, Bree?”

“Yung kaninang umaga?”

“O?”

“Parang may sasabihin ka.”

Humithit muna ng sigarilyo si Kevin. “Ano nga?”

“Sino ang nagnakaw ng hagdan?”

Bumuga ng usok si Kevin. “Si Dante.”

“Sino ’yun?”

“Kunwari ka pa.” Hinubad ni Kevin ang suot na sunglasses, ipinunas sa sariling kamiseta. Napansin ni Bree na mapula pa rin ang mga mata ng kausap.

“Hindi ko nga kilala, Keanna.”

“Yung mestiso. Yung nakatira malapit kina Aling Espie.”

Wala siyang ibang naiisip na mestisong nakatira sa kalye Andal na malapit kina Aling Espie, maliban sa lalaking nakita niya noong madaling araw na biglang nagliwanag ang buong barangay. “Yung guwapo?”

“Tingnan mo na, kunwari ka pa.”



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 146 11/7/2017 3:38:50 PM

Napansin ni Bree ang pagdilim ng mukha ni Kevin. At alam niyang pihadong tuluyan na itong mabuwisit kapag itinuloy niya ang pagtatanong. Pero hindi siya makapaniwala na magnanakaw nga ng hagdan si Dante. “Sigurado ka ba?” tanong ni Bree. “Bakit naman siya magnanakaw ng hagdan? Aanhin niya ‘yon?”

“Magsama kayo ng nanay ko,” irap ni Kevin. Ibinato nito sa semento ang sigarilyo, saka naglakad pabalik sa Vivicoe Internetz Cafe. Bago pumasok, isinuot muli ng binata ang sunglasses.

***

Pagkatapos ng hapunan, ikinuwento ni Bree kay Mamita ang nangyari sa barangay hall noong umaga. Binanggit din niya pati ang pagpunta kay Kevin sa Vivicoe, at ang naging takbo ng usapan nila.

“May pagka-antipatika talaga ’yang si Vivian,” sabi ni Mamita. “Pero hindi naman masama ang ugali.”

“Pero bakit niya ganoon tratuhin si Keanna?” tanong ni Bree.

“Siguro, galit. Hindi ba, tumigil ang baklang ’yan sa pag-aaral para magbyukonera? Kaya nga naging tambay na lang siya, di ba? Hindi naman manalo-nalo. Tinustusan siya ni Vivian, a. Private school ’yan dati.”

“Sapat na bang dahilan ’yon?”

“Malaysia! I’m sure, kaya niya itinuturo si Dante dahil hindi niya mahala.”

“Paano mong nakilala si Dante, Mamita?”

“Tubong Talong Punay ang lola mo, ano ka ba.” Kumindat si Mamita, saka humalik sa hangin.

“Paano nga! Napakalandi mo tal—”

Sumabog ang liwanag sa loob ng parlor. Sabay silang napatili ni Mamita. Ilang segundo lang ang itinagal ng liwanag, pero humihiyaw pa rin si Mamita pagkatapos.

“Brigido! Nabulag ako! Nabulag ako!”

Tadtad ng mumunting liwanag ang paningin ni Bree. Halos wala rin siyang makita, maliban sa napakalabong anino ni Mamita sa kaniyang harapan. Inabot niya ang balikat ni Mamita, saka hinila ito para yakapin. “Pumikit ka muna, Mamita. Pumikit ka muna.”

Dumapo sa isip ni Bree: kung ganito rin ang sumabog na liwanag noong unang beses, malamang, hindi ito ipagwawalang bahala ng mga tao. Malakas na rin iyong huli, pero hindi naman nagkaroon ng ganitong epekto sa mga mata nila. Ito ang pinakamatindi sa lahat ng pagsabog ng liwanag. Ikatlong beses. Paano pa kaya ang epekto ng ikaapat, kung magkakaroon man? Baka mabulag na ang buong Talong Punay.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 147 11/7/2017 3:38:50 PM

Pagkaraan ng ilang minuto, naramdaman ni Bree ang pagbagal ng tahip ng dibdib ni Mamita. Hindi pa rin ito bumibitaw sa kanya. Unti-unti, binuksan ni Bree ang kanyang mga mata. May kaunting pagkahilam, pero nagbalik na sa normal ang paningin niya.

"Mamita, okay na ako. Subukan mong dumilat."

Kumalas si Mamita sa kanya, at idinilat ang mga mata. "Ay, salamat po," bulalas ni Mamita. "Salamat po." Maya-maya, nagpupunas na ito ng luha.

Tumayo si Bree, at sumilip sa bintana. Marami nang tao sa labas. Kailangan na niyang kumilos. Bubulabugin na niya si Kapitan, ang mga kagawad, at ang mga tanod. Hindi na niya matatanggap ang mga kagaguhang paliwanag. Kailangan nilang tulungan ang mga tao. Kapag hindi siya pinakinggan, didiretso na siya sa presinto. Kung ano ang magagawa ng barangay at pulis, hindi niya alam. Pero ano nga ba ang gagawin kung sakaling magugunaw na ang mundo?

Lumingon siya kay Mamita. "Mamita, sandali—"

Kinuha pala ni Mamita ang Santo Niño mula sa altar. Kalong-kalong nito ang poon, at tahimik na nagdarasal. Mamasa-masa pa rin ang mga mata nito ng luha.

Hindi na inistorbo ni Bree si Mamita. Lumabas na siya ng Magixalon.

***

"Sinasabi ko na sa inyo! Magsisi na kayong lahat sa mga kasalanan ninyo!" Nagsisisigaw si Mang Nardo sa gitna ng kalsada. Nasa tabi niya ang asawang si Aling Espie, parang batang hindi kayang pigilan ang nagwawalang magulang. Nagkukumpulan naman ang iba, pinapanood si Mang Nardo. Mayroon ding abala sa sariling pakikipagbalitaktakan tungkol sa naranasan kaninang sumabog ang liwanag. Marami ang may hawak sa kani-kanilang cellphone, may nakikipag-usap, may nagte-text, may nagbi-video ng paligid, lahat nagkukusot ng mata. Mayroon ding mga batang tumatakbo sa kalsada, hinahabol ng mga tagapag-alaga. May matatandang nakasilip sa mga bintana. Naglisaw din ang mga aso, at walang tigil sa pagkahol.

Dire-diretso lang sa paglakad si Bree. May narinig siyang tumawag sa pangalan niya (si Aling Espie?), pero hindi siya lumingon. Kailangan niyang makarating kaagad sa bahay ni Kapitan. Bago siya lumiko sa eskinita na shortcut papunta sa bahay ng pinuno ng barangay, nakita niya ang pamilya ni Dr. Catibayan na naglalagay ng mga gamit sa van. Umiiyak ang batang babaeng nakaupo sa harapan, iyong bunso—inayusan ito ni Mamita noong nag-First Communion—habang panay naman ang sigaw ni Dr. Catibayan sa kanyang asawa, pinagmamadali itong kumilos. May bitbit na overnight bag ang babae. Napaisip si Bree kung dapat na rin ba silang lumikas ni Mamita. Pero saan sila pupunta? Paano kung sumabog ang liwanag habang nasa



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 148 11/7/2017 3:38:50 PM

biyahe sila? Paano kung sumabog ang liwanag ngayon mismo? Sinuntok siya sa dibdib ng kaba. Binilisan niya pa ang paglakad.

Malapit na siya sa dulo ng eskinita, patungo sa kabilang kalye, nang marinig ang wangwang ng pulis. Sa wakas! Mayroon nang magpapakalma sa mga tao, isip ni Bree. Babalik sana siya sa kabilang dulo, pero natigilan siya nang may makitang lalaking papasok sa eskinita. May hawak itong hagdan. Madilim ang mismong eskinita, at nasa magkabilang dulo lang ang liwanag, iyong galing sa mga poste sa kalye, pero namukhaan niya ang lalaki. Natigilan din ito nang makita si Bree, at ilang sandali silang napako sa kinatatayuan, nagtatantiyahan.

Si Bree na ang nagpatiuna. “Dante?”

Tumango lang ang lalaki.

Totoo nga ang sinasabi ni Kevin, sa loob-loob ni Bree. “Kay Aling Vivian ba ’yan?”

Mukhang nag-isip muna si Dante bago tumango ulit.

Nababanaag lang ni Bree ang mukha ng kausap, kaya hindi niya lubos na masabi kung ano ang damdaming nakaguhit dito. Pero kung ibabatay sa hindi nito pagsagot, mukhang natatakot sa kaniya. Nasa kaniya ang kapangyarihan. Naririnig pa rin nila ang wangwang mula sa kalye Andal, at ilang sandali lang ang kailangan para tumakbo siya pabalik at magsumbong sa mga pulis. Pero hindi pa rin niya magagap kung bakit nasa eskinita ngayon si Dante, bitbit ang hagdan na ninakaw niya. Saan ba niya ginagamit ang lintek na hagdan? Ano ba ang gusto niyang abutin? Nangahas si Bree. “Isosoli mo na ba ‘yan, Dante?”

Sunod-sunod ang pagtango ng binata.

Naalala ni Bree ang panahon na nagnakaw siya ng tsokolate noon sa isang tindahan. Nakaligtas naman siya, pero tinamaan ng konsensiya kinabukasan. Kung maisosoli lang niya ang tsokolate, isinoli na lang niya. Lumapit siya kay Dante, at hinawakan ang kabilang dulo ng hagdan. “Halika, dito tayo dumaan, para hindi nila tayo makita.”

***

Alam na ni Bree ang bawat likaw ng Barangay Talong Punay. Nasa kalye Andal ang mga pulis dahil ito ang pinakamalapit na kalye mula sa presinto at munisipyo. Nasa kanto ng kalye Andal ang botika, at doon malapit ang bahay nina Aling Vivian. Lumabas sila sa kabilang dulo ng eskinita, iyong pinanggalingan ni Dante, patungo sa kalye Adante. Pumunta sila sa kalye Adante, at mula roon, naglakad paikot sa kanto ng kalye Andal. Marami na ring tao ang naglisaw sa kalyeng iyon, mayroon na ring mga nag-eempake, at nagkakarga ng kung ano-ano sa mga sasakyan, kaya hindi na rin sila masyadong naging kahina-hinala. Kailangan lang nilang hindi



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 149 11/7/2017 3:38:50 PM

abutan ng mga pulis, na malamang ay umiikot na sa dulo ng kalye Andal, patungo sa kalye Adante.

Pero hindi alam ni Bree ang eksaktong lokasyon ng bahay nina Aling Vivian. Ang alam lang niya, malapit ito sa botika. Pagdating nila sa kanto ng kalye Andal, si Dante na ang nagturo ng direksiyon.

Malaki ang bahay nina Aling Vivian, pero may kalumaan na. Mayroon itong dalawang palapag, may hagdanang bato sa bukana, malawak na hardin sa harap na natatamnan ng mga halamang ornamental, may tarangkahan, at mababang pader na nakapalibot. Kahawig ito ng mga bahay ng pamilyang mayaman sa mga lumang pelikulang nahahagip ni Bree sa telebisyon tuwing hapon, at kinakamutan niya sa ulo ang kaniyang Tiya Chitang.

Marami na rin ang taong nagkalat sa kanto ng kalye Andal, lalo na at dito dumaraan ang mga sasakyang lumuluwas. Kaya ganoon na lang ang gulat niya nang ilapag ni Dante ang hagdan, at walang kaginsa-ginsang sumampa sa ibabaw ng mababang pader.

"Dante! Baka may makakita sa atin!" bulong ni Bree. Nagpalinga-linga siya, nakahandang magdahilan kung sakaling may manguwestiyon kung bakit sumasampa ng bakod nang may bakod ang receptionist ng Barangay Talong Punay. Pero hindi na narinig ng binata si Bree, nasa loob na ito ng bakuran nina Aling Vivian.

Bumukas ang tarangkahan, at lumitaw ang nakangiting mukha ni Dante. "Relax ka lang," sabi ng binata.

Gustong sampalin ni Bree ang binata, dahil inilagay siya nito sa panganib, pero gusto rin niya itong kurutin sa pisngi. Pawisan na ang binata, at hulas sa pawis, pero tila lalo lang itong naging kaakit-akit kay Bree. "Tseh," sabi niya, sabay dampot sa isang dulo ng hagdan. Pagkaraang ipasok ang kabuuan ng hagdan, isinara ni Dante ang tarangkahan gamit ang isang kamay. Sa pagmamadali, napalakas ang tulak ng binata. Umalingawngaw ang pagsampal ng bakal sa semento. Pagsasabihan sana ni Bree si Dante, pero hinila na nito ang hagdan, at napasunod na lang siya. Habang naglalakad sa hardin, tumingin siya sa ikalawang palapag ng bahay nina Aling Vivian. May dalawang bintanang nakaharap sa kalsada. Bukas ang ilaw sa isang bintana. Nandito sina Aling Vivian!

"Dante, may tao sa loob!" bulong ni Bree. Hinila niya ang dulo ng hagdan.

"Akong bahala," sagot ng binata. Ni hindi ito lumingon. Hindi rin ito bumitiw sa pagkakahawak sa kabilang dulo ng hagdan.

Pumunta sila sa likuran ng bahay. May mahabang hagdan na naroon. Mga apat o limang hagdan siguro, pinagdugtong-dugtong ng lubid. Inilapag nila ni Dante ang hagdan sa tabi nito.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 150 11/7/2017 3:38:50 PM

"Dante, ano ito?" tanong ni Bree.

Hindi sumagot si Dante. Iniangat lang nito ang kamiseta, at nagpunas ng pawis. Nalantad ang tiyan ng binata. Balbon ang pusod nito.

Napahiya si Bree. Naalala niyang tumatagaktak na rin pala ang pawis, kaya pinahid na ng magkabilang manggas ang mukha. Nakatingin na siya sa ibang direksiyon nang muling magsalita. "Dante, sagutin mo ako—"

"Babe?"

Lumingon si Bree. Naroon si Kevin, may bitbit na lubid at kutsilyo. Tinutop ni Bree ang dibdib nang makita ang patalim. "Keanna, nagkakamali ka. Wala kaming ginagawa ni Dante, hindi ko siya mah—"

"Last na to, babe," sagot ni Dante.

"Bilisan natin, bago makabalik si Mama," sabi ni Kevin. Tinapik nito sa balikat si Bree bago lumuhod sa tabi ng mga hagdan, at sinimulang ikabit ang hagdan na dinala nina Bree at Kevin.

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Bree. Magjowa pala ang dalawang ito! "Teka, teka, anong nangyayari?"

"Ayusin muna natin ito," mungkahi ni Dante. Nakangiti ito na parang ligaw na tutang naghahanap ng bagong amo.

Muntik nang kiligin si Bree sa ngiti ng binata, pero nagtapang-tapangan na lang. "Ipaliwanag niyo muna sa akin ang nangyayari! Kundi, isusuplong ko kayong dalawa! Receptionist ako ng barangay!" banta niya. May jowa ka na pala, Dante, wala ka man lang pasabi, sa loob-loob niya.

"Bakla ka, tulungan mo na muna kami," sabi ni Kevin. "Diyan ka, eto ang lubid." Hinagis nito ang isang bilot ng lubid sa paanan ni Bree. Halos wala nang bahid ng pamumula ang mga mata nito.

Wala na rin siyang maisip na dahilan para magmatigas—maraming nakakita sa kaniya na bitbit ang hagdan, kasama si Dante—kaya sumunod na lang si Bree. Lumuhod siya sa tapat ng magkasintahan, at tumulong sa paglulubid ng hagdan.

Habang naglulubid (at naglalambutsingan!), nagkuwento sina Kevin at Dante: nagkakilala sila dahil sa paglalaro ng isang online video game. Sikat si Kevin sa mga kalaro, dahil babae ang avatar niya, pero isa siya sa pinakamagaling. Nagsimula sila sa paglalandian sa chat, hanggang napunta sa pagte-text. Sa tuwing nagtatangkang tumawag si Dante, nagdadahilan si Kevin. Tigas rin ang pagtanggi niya nang itanong ni Dante ang kaniyang Facebook account. Babae kasi ang pakilala ni Kevin, at ayaw na niyang gumawa pa ng alter account para lang lokohin si Dante. Sa online game lang siya nagpapakilala bilang babae. Isang araw, napagod na siya sa pagkukunwari, umamin siya kay Dante. Ganoon na lang ang tuwa niya nang malaman na nahulaan



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 151 11/7/2017 3:38:50 PM

na pala ni Dante na lalaki rin siya, at interesado pa rin ito. Nagkita sila sa personal, at hindi nagtagal, naging magkarelasyon.

Nakumpirma ni Bree ang kuwento ni Mamita tungkol kay Kevin. Tumigil nga ito sa pag-aaral. Pero hindi siya ang nagdesisyon, kundi si Aling Vivian. Pagkatapos nitong mabuko na sumali si Kevin sa Binibining Gay Talong Punay, tumigil na ito sa pagtustos sa pag-aaral ng anak. ("Mas mabuti pa raw na naging kriminal ako," sabi ni Kevin.) Si Dante ang dahilan ng pagtambay-tambay noon ni Kevin sa Mamita's Magixalon. Nagkikita sila tuwing gabi, pagkagaling ni Dante sa kaniyang trabaho sa Makati.

Lihim ang relasyon nila dahil hindi rin tanggap ng pamilya si Dante. Hindi tahasan ang kanilang disgusto, pero alam ni Dante na walang mabuting masasabi ang kaniyang mga magulang kung sakali man na umamin siya sa mga ito tungkol sa sarili. Kapuwa relihiyoso at taong simbahan ang kaniyang mga magulang. Madalas rin niyang naririnig ang magkatuwang na panlalait ng mga ito sa tuwing may makikitang mga bakla sa telebisyon, sa pelikula, o kahit saan man. Sa katunayan, galit ang mga ito kay Mamita, at hindi nagpagupit o nagpaayos ang sinuman sa kanila sa Magixalon.

"Pero bakit si Dante ang itinuturo mong magnanakaw ng hagdan?" tanong ni Bree.

"Wala lang 'yon," sagot ni Kevin.

"Wala ka diyan," sabad ni Dante. "Nagselos po kasi."

"E kasi naman, lagi kang ginagabi nang uwi. Mahigit isang linggo na! Malay ko ba kung—"

"Sabi ko naman sa iyo, nasa Pilipinas ang client namin, kaya lagi kaming overtime. Sorry na nga."

"Sus, kliyente daw! Malay ko," bulong ni Kevin.

Tumigil sandali si Dante sa pagtatali ng lubid, at hinalikan si Kevin sa pisngi. Umiwas si Kevin, pero hindi rin naitago ang kilig. Nagpakawala ito ng mahinang "Ano baaaa."

"Kapag hindi ninyo tinantanan 'yang ginagawa n'yo, ihahampas ko sa inyong dalawa itong hagdan," bulong ni Bree.

Natawa lang ang magkasintahan, saka bumalik sa pagtatali ng lubid sa hagdan. Sa kabila nito, panay pa rin ang palitan nila ng malalagkit na tingin, kaya itinuon na lang din ni Bree ang atensiyon sa paglulubid. Ang totoo, mas natutukso siyang sabunutan at ipagwagwagan si Kevin. Anong klaseng bakla ang ipapahamak ang jowa niya dahil lang sa pagseselos? Mas mabuti na nga ang jowang ginagabi sa pagtatrabaho kaysa kung anong dahilan na walang kapararakan. At talagang naka-jackpot siya kay Dante! Guwapo, mabait, masipag.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 152 11/7/2017 3:38:50 PM

"Bree? Okay na 'yang buhol mo. Sobrang higpit na niyan," sabi ni Dante.

Natauhan si Bree. Nasobrahan pala ang gigil niya sa lubid. "Ah, sinisiguro ko lang na matibay talaga," sagot niya.

"Salamat, Bree," sabi ni Kevin.

"Aanhin n'yo ba 'yan?" tanong ni Bree. "Saka bakit ngayon pa, nagkakagulo ang lahat, saka n'yo napag-tripan na gawin 'yan? Hindi ba kayo natatakot na magliwanag ulit?"

Nagkatinginan ang magkasintahan. Tumango si Dante, at saka dinampot ang hagdan. Isinandal niya ito sa pader. Sa haba ng hagdan, ilang piye ang inilampas nito pader. Lumapit si Kevin kay Bree. "Ipangako mo munang hindi mo kami pagtatawanan," sabi nito.

"Tinulungan ko na nga kayong magkabit ng hagdan na 'yan, di ba?" sagot ni Bree.

"Ipangako mo muna."

Narinig ni Bree ang wangwang ng pulis. Nakaikot na sa kalye Adante ang mga pulis. "Sige, promise."

"Hinahabol namin 'yung susunod na pag-ilaw."

"Ha? Anong kinalaman ng hagdan?"

"Aakyat kami doon," sabi ni Dante. Itinuro nito ang mga ulap.

"Aakyat kayo sa langit?" tanong ni Bree.

"Sa spaceship," sagot ni Dante.

"Ano?" Hindi malaman ni Bree kung matatawa o hindi. Ano ba talaga ang nangyayari? May mga pagsabog ng ilaw na halos makabulag sa buong barangay, at ngayon, may magjowang bakla na nagnanakaw ng mga hagdan para umakyat sa spaceship.

"Magkasama kami ni Dante noong unang beses nagliwanag," paliwanag ni Kevin. "Nakita namin ang spaceship nila. Kinausap nila kami. "

"Ha? Sinong sila? At paano kayo kinausap? Bumababa sila ng . . . spaceship?"

"Boses lang sila," sagot ni Kevin. "Pero alam naming galing doon sa spaceship."

"Nasaan ba itong spaceship na ito?" tanong ni Bree.

"Nand'yan lang, paikot-ikot" sagot ni Dante. "Nag-iipon lang daw sila ng mga maisasama. Signal lang nila ang liwanag. Sa susunod na pagliwanag, dapat nakaabang na kami. Kaya kami may—"

"—hagdan," tapos ni Bree. "Napaka-low tech naman ng spaceship na 'yan."

Nagkibit-balikat lang si Dante. "Ewan ko. Yun ang sabi, e."

"Bakit kayo sasama? Ayaw n'yo na ba rito?"

"Ikaw, gusto mo pa ba?" ganting tanong ni Kevin.

Hindi alam ni Bree kung paano sisimulang sagutin ang tanong. Masyadong komplikado para sa oo o hindi ang sagot, kaya nagkibit-balikat na lang. "O siya, mauuna na ako sa inyo. Good luck diyan sa mga, uh, plano ninyo."

"Salamat, Bree," sagot ni Kevin.

Lumabas si Bree ng bakuran nina Aling Vivian. May mga sasakyan pa rin sa daan. Naglisaw pa rin ang mga tao. Mayroon nang van mula sa isang istasyon ng telebisyon. May dinaanan siyang babae na kinakapanayam ng matabang lalaking reporter. Halatang sabik na sabik ang babaeng humarap sa camera, kuntodo wasiwas ng mga kamay, pandidilat ng mga mata habang nagkukuwento. Natawa na lang si Bree. Sino ba siya para manghusga? May tinulungan nga siyang mga bakla para umakyat ng spaceship. Sumirit sa isip niya: hindi kaya adik sina Dante at Kevin? Baka naluto na lang ng droga ang mga utak nila, kaya naniniwala sa spaceship.

Kalalampas lang niya sa botika, nag-iisip na ng idadahilan kay Mamita, kung bakit siya matagal nawala, nang biglang magliwanag ulit. Sumaboy sa hangin ang sigawan ng mga tao, busina ng sasakyan, iyak ng gulong na kumaskas sa semento dahil sa biglaang preno. Napaluhod si Bree, tutop ang mga mata. Agad ding nawala ang liwanag, pero nanatili sa posisyon na iyon, tiim ang mga talukap. Natatakot siyang dumilat, dahil baka tama ang hinala niya kanina: mas malakas ang liwanag na ito—ang ikaapat na ulit—at baka nabulag na nga siya.

Pagkaraan ng ilang minuto, dumilat si Bree. Tadtad ng mumunting bituin ang paligid, pero nakakakita siya. Tumayo siya, at naglakad pabalik sa bahay nina Aling Vivian. Tumindi na ang kaguluhan ng mga tao. Marami na ang nagtatakbuhan, babae, lalaki, matanda, at bata. May dalawang kotseng nagkabanggan sa gitna ng kalsada, may isang traysikel na sumalpok sa poste. Humihiyaw na sa kamera ang matabang lalaking reporter. Nasa hangin na naman ang wangwang ng pulis. Makailang beses siyang nabunggo ng mga kumakaripas na tao—matatakasan ba ang liwanag? Pero determinado siyang balikan sina Dante at Kevin. Nakasara na ang tarangkahan ng bahay, kaya sumampa si Bree sa pader para makapasok. Dumiretso siya sa bakuran, kung saan niya huling iniwan ang magkasintahan. Pagdating niya roon, wala na sila. Wala na rin ang kanilang hagdan.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 154 11/7/2017 3:38:50 PM